AAPI EQUITY ALLIANCE

# 2024 VOTER GUIDE

VOTE BY NOVEMBER 5!

## STATE OF CALIFORNIA

### ✓ PROPOSISYON 2
**AYON/SUPORTA:** Magbibigay ng $10 Bilyon bond na pang-eskuwela para sa pagsasa-ayos at pagpapatatayo ng mga eskuwelahan na nangangailangan nito.

### ✓ PROPOSISYON 3
**AYON/SUPORTA:** Binabago ang konstitusyon ng California upang magsaad na ang kasal ay isang pangunahing karapatan ng lahat. Ang lahat ng taga-California ay malayang magpakasal, kasama ng 66,000 na AAPIs na kumikilalang LGBTQ.

### ✓ PROPOSISYON 4
**AYON/SUPORTA:** Nagbibigay ng $10 Bilyong bond para sa mga proyekto ukol sa pagbabago ng klima (climate change) at sa kapaligiran (environmental projects), tulad ng muling paggamit ng tubig (water recycling), mga paraan sa pag-iwas sa mga sunog sa kagubatan (wildfires) at bagong enerhiya (renewable energy). Kailangan ng mga AAPI ang tulong sa paglaban sa mga epekto ng pagbabago ng klima (climate change).

### ✓ PROPOSISYON 5
**AYON/SUPORTA:** Ibinababa ang antas o lebel sa pag-aapruba sa mga lokal na bond na magpopondo sa abot-kayang pabahay at iba pang pampublikong imprastuktura mula sa dalawang-katlo sa 55 prosiyento lamang. Gagawing mas madali para sa mga siyudad at county na tugunan ang krisis sa pabahay sa tulong ng mga nakakaraming botante.

### ✓ PROPOSISYON 6
**AYON/SUPORTA:** Ipinagbabawal ang sapilitang paglilingkod na parusa sa krimen sa loob ng mga bilangguang pinatatakbo ng California. Ang sapilitang paglilingkod na nagmumula sa pang-aalipin, ay di makatarungan, di kanakailangan at di nararapat sa mga bilanggo sa California.

### ✓ PROPOSISYON 32
**AYON/SUPORTA:** Itinataas nito ang pinakamababang sahod sa 2026 sa $18/oras. Ito ay maglalapit sa $27/oras na buhay sahod o living wage na kailangan ng mga nahihirapang AAPI dahil sa mataas na antas ng pamumuhay.

### ✓ PROPOSISYON 33
**AYON/SUPORTA:** Binibigyan nito ang mga siyudad at Kounty ng kapangyarighan, kaysa sa California, na magpasya hinggil sa paglalagay ng kontrol o hangganan sa pagtaas ng upa sa mga tirahan sa kanilang mga komunidad. Ang pagpapataw ng hanganan sa upa ay makakatulong sa mga mahihirap na mga AAPI na hindi makaagapay sa patuloy na pagtaas ng upa sa mga lugar na tulad ng LA.

### ✗ PROPOSISYON 34
**LABAN/TUTOL:** Hinihigpitan ang paggastos ng mga diskuento ng mga inirreresetang gamot ng ilang mga nonprofit na nangangalaga sa kalusugan. Ito ay isang pagtatangka ng California Apartment Association upang mapigil ang AIDS Healthcare Foundation sa paggastos sa pondo para sa gawaing pampulitika na ukol sa paglalagay ng hangganan sa upa (rent control).

### ✗ PROPOSISYON 36
**LABAN/TUTOL:** Itinataas nito ang mga parusa sa mga krimeng may kinalaman sa bawal na gamot at pagnanakaw. Ito ay magiging daan sa pagdami ng mga taong mabibilanggo at magtataas ng buwis, kahit na walang katibayan na ito ay magiging daan sa pagbaba ng krimen at hindi dahil sa pagkiling ukol sa lahi (racially biased).

## LA COUNTY

### ✓ MEASURE A
**AYON/SUPORTA:** Ang kalahating sentimong buwis sa pangngangalakal (sales tax) ay upang pondohan ang abot-kayang pabahay sa mga walang tinitirhan dahil sa sakit na pangkaisipan o mental. Ang LA County ay nangangailangan ng matatag na panggagalingan ng pondo para harapin ang krisis ng pabahay.

### ✓ MEASURE E
**AYON/SUPORTA:** Ang anim na sentimong buwis ay para sa 59 siyudad at mga lugar na hindi inkoporado sa LA County na pinagsisilbihan ng Departamento ng mg Bumbero (Fire Department). Ang malilikom na pondo ay gagamitin upang mag-empleyo ng mga bumbero at bumili ng mga kagamitan upang magkaroon ng mga serbisyong makakapagligtas ng buhay.

### ✓ MEASURE G
**AYON/SUPORTA:** Dinadagdagan ang mga miyembro ng Board of Supervisors ng mula sa 5 hanggang 9 at ang Punong Tagapagpaganap (Chief Executive Officer) ay dapat mahalal. Ito ay magiging daan upang ang pinakamalaking County sa bansa ay maging mas demokratiko at mas responsableng kumatawan sa 1.6 Milyong mga AAPI na nakatira dito.

## LA CITY

### ✓ CHARTER AMENDMENT DD
**AYON/SUPORTA:** Lumilikha ng isang independenteng komisyon na binubuo ng iba't ibang klase ng mga residente na siyang magpapasya kung paano hahatiin ang 15 distrito na kumakatawan sa LA City Council. Ang mga pulitiko ay di dapat pumili ng kanilang mga botante sa tinatakbuhan nilang mga distrito.

### ✓ CHARTER AMENDMENT LL
**AYON/SUPORTA:** Lumilikha ng isang independenteng komisyon na binubuo ng iba't ibang klase ng mga residente na magpapasya sa paghahati ng pitong distrito na kumakatawan sa LAUSD Board of Education. Ang mga pulitiko ay di dapat pumili ng kanilang botante sa tinatakbuhan nilang mga distrito.

### ✓ CHARTER AMENDMENT HH
**AYON/SUPORTA:** Ipinaliliwanag ang mga kapangyarihan ng Kontroler ng Siyudad (City Controller) at Abugado ng Siyudad (City Attorney), at iba pang mga teknikal na pagbabago sa Konstitusyon. Tumutulong na ipaliwanag ang mga kapangyarihan ng mga opisyal ng siyudad.

### ✓ CHARTER AMENDMENT II
**AYON/SUPORTA:** Pinangangalagaan ng mga kawani ng siyudad laban sa diskriminasyon batay sa kasarian, at iba pang pagbabagong teknikal sa Konstitusyon. Tumutulong na ipagpatuloy ng Pamahalaaan ng Siyudad ang kanilang trabaho.

*Hindi nagbibigay ng posisyon o katayuan ang AAPI Equity Alliance sa California Prop 35 at mga pagbabago sa LA City Charter ER at FF.*

**Ad paid for by AAPI Equity Alliance, 905 E 8th St, Los Angeles. Additional information available at ethics.lacity.org**